IBANG KLASE

By : L A Fernandez Jr

A novel in Filipino by Lorenzo A. Fernandez Jr., my real name.

Published on
Booksie

booksie.com/L A Fernandez Jr

Copyright © L A Fernandez Jr, 2014
Publish your writing on Booksie.com.

Table of Contents

IBANG KLASE (Chapter 1)

IBANG KLASE Chapter 2

IBANG KLASE Chapter 3

IBANG KLASE Chapter 4

IBANG KLASE Chapter 5

IBANG KLASE Chapter 6

IBANG KLASE Chapter 7

IBANG KLASE Chapter 8

IBANG KLASE Chapter 9

IBANG KLASE Chapter 10

IBANG KLASE Chapter 11

IBANG KLASE Chapter 12

IBANG KLASE Chapter 13

IBANG KLASE Chapter 14

IBANG KLASE Chapter 15

IBANG KLASE Chapter 16

IBANG KLASE Chapter 17

IBANG KLASE Chapter 18

Chapter 1: IBANG KLASE (Chapter 1)

IBANG KLASE

Ni

LORENZO A. FERNANDEZ JR.

Umuugong mula sa itaas ng grandstand ang halos magkakasabay na padyakan, palakpakan, at hiyawan ng mga manonood sa magilas na paglalaro ni Justo Romero, isang local na player ng Cabanatuan, laban sa isang imbitadong team ng PBA. Five-ten lang ang taas pero nalulusutan niya ang mga higanteng kalaban. Kung minsan, kahit dalawa pa ang gumuguwardiya, buo ang kanyang loob, iniikutan at nilalagpasan niya ang mga ito ay saka mabilis na sisibat para makapag-shoot nang libre. Mahusay din sa rebound at assist pero kadalasan hindi naman nakaka-shoot ang ang mga pinapasahan niya ng bola.

Nang tumagal-tagal naging one-man na ang laro ni Justo. Pero ito ang hinihingi ng sitwasyon para mapantayan o maungusan sa puntos ang kalabang team. May naririnig na akong mga pahaging. Habang papasok na naman sa basket ang isang three-point shot niya, may narinig akong sumigaw ng malakas na "Buwaya!" May mga tumawa at may mga pumalakpak pero karamihan ay mga babae. Nasa ibaba ako ng grandstand ng New City College at kita ko ang lahat.

Naisip ko, paano mong aasahan ang iyong ka-team kung puro bulok ang mga kamay? Ano ang lohika ng sumablay na tira na di dapat nangyari kung napunta sa maaasahang kamay? Bakit ka sasampalataya sa teamwork kung puwede naman ang one-man?

Ito rin ang nasa isip ni Justo, palagay ko, base sa kanyang ipinapakita. Pero nang muli niyang marinig ang sigaw na "buwaya" ay tumamlay, bumagal ang kilos niya. Pasa dito, assist doon na lang ang ginawa niya na tulad nang inaasahan ay wala ring nangyari. Umaabante na sa puntos ang kalaban.

Limang minuto na lang ang natitira, ayon sa relos sa itaas ng scoreboard. Wala nang sumisigaw ng "buwaya." Paano'y napagbiyan din. Ano naman kaya ang iniisip nila ngayon. Ah, wala na akong pakialam, boring nang pakialaman iyan. Wala na akong ganang manood, dalawampung puntos na ang lamang. Mahirap nang habulin kahit mag-one-man uli si Justo. Pero baka makarinig na naman siya ng "buwaya." Hayaan mo na ang mga buwayang iyan, Justo!

Kung maaari nga lang ay huwag na niyang mahawakan ang bola (sa ipinapakita niya) dahil ipapasa niya agad ito, o kaya'y palitan na siya, kaysa mambalibag siya ng bola. Humingi ng time-out ang coach. Sa pagbabalik ng laro, hindi ko na nakita si Justo.

Napapangiti ako. Lahat sa ngalan ng teamwork, kahit matalo. Hindi ko na matandaan ang pangalan ng basketball player na gumawa ng mahigit isandaang puntos dahil bulok din ang mga kamay ng mga kasama niya. Alam ko, Pinoy iyon.

Isang nanonod na foreigner and tumalikod at lumakad patungo sa aking kinaroroonan. Bakas sa kanyang mukhang sunog sa araw ang pagkadismaya. Napatapat siya sa akin.

"Hey, my boy, what's the meaning of *buwaya*?"

"Crocodile."

"But I see no crocodile here!"

"Oh, man, it's only a metaphor," paliwanag ko.

"I see. Hey, that boy Justo is good. He can be a fine NBA player. He should have ignored those damned hecklers!" Napalakas ang boses niya. .

"Maybe he's a very sensitive guy. Be careful, man-they might hear you." Mapapasabak pa yata ako sa Ingles nang walang preparasyon. Bahala na.

"I don't give a damn! I hate the hecklers. They're the real *buwaya*!"

"Yeah, man!" 'kako para tumigil na siya. Parang Amerikanong hilaw na rin ako sa pag-i-ingles.

"That boy is really good. He can make the difference."

"One can make the difference."

"Well, yeah, right, bright boy. When I go back to the States, I have so much to tell. Hmm, it's not an empty day at all." Tinapik niya ako sa balikat, saka tumalikod at tinungo ang gate sa likuran ng NC College.

Gusto ko na ring lumabas pero bawal sa aming mga estudyante hangga't hindi natatapos ang exhibition game. Napasampay ang aking kamay sa mahabang beam ng grandstand. Dalawang minuto lang ang lumipas at tatlumpo na ang abante ng PBA team. Iniba ko ang posisyon ng aking kamay nang mangawit at ito'y kumapit sa bandang intersection ng dalawang beam at poste ng grandstand.

May nasalat ako. Napatingin ako sa itaas at sa sulok ng intersection ay nakasuksok ang isang itim na backpack. Sa hindi malamang dahilan, hinawakan ko ito at ibinaba. May kabigatan. Luminga-linga ako sa kaliwa at kanan, sinisiguro ko kung lilitaw ang may-ari. Ang sinumang makakita sa akin sa hawak kong binubutingting ay aakalaing ako'y magnanakaw. Para akong sinisilihan ng siling labuyo, pero sisiw lang iyan sa tunay na magnanakaw, laking tuwa pa niya!

Abala pa rin sa panonood ang mga guro't estudyante, maliban sa ilang outsiders na nangagsisiuwian na. Isinabit ko ang backpack sa aking balikat. Naalala ko ang kasabihang "Finders keepers." Pero kung lilitaw ang may-ari ay isasauli ko ito. Mabigat din sa konsiyensya na angkinin ito kahit napulot ko lang at hindi ninakaw. Makintab pa at parang bagong bili, pero sadyang mabigat ang laman. Ano kayang epektos ito?

Ang mga estudyante'y pinayagan na ring lumabas nang matatapos na ang laro. Humakbang akong palayo at tumungo sa gate palabas ng grandstand. May ilang nakasabay akong kaklase pero hindi nila pinansin ang biglang pagkakaroon ko ng backpack, maliban kay Pugay na napapangiti-ewan ko kung ano ang ibig niyang sabihin. Ito ang kaklase kong hustler na magnanakaw ng bolpen.

Sa labas ng gate, naghintay ako ng masasakyang traysikel. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko. Pag tama ang hula ko . . .ah, ano ang gagawin ko?

Wala pang traysikel. Kahit magbayad ako ngayon nang triple, basta makauwi lang agad. Dalawang kilometro ang layo ng aming four-door apartment sa NC College.

Inumpisahan ko nang maglakad. Kahit isang oras pa akong maglakad. Tutal wala nang klase sa buong araw kapag may ganoong exhibition game. Dumaan ang isang traysikel, pero may sakay ito, sinundan ng dalawa, tatlo, pero may sakay lahat. Kung alam lang nila ang halaga ng ibabayad ko . . . galante ako ngayon dahil sa

bigat ng dinadala ko.

Malapit nang mag-alas dose ng tanghali sa aking relos. Mahapdi ang aking likod sa tindi ng sikat ng araw, lalo pang humahapdi sa pag-untug-untog ng misteryosong bagay sa loob ng backpack. Nakaramdam ng pagkahapo, tumapat ako sa isang tindahan at bumili ng softdrink. Nanumbalik ang aking lakas nang makainom. Ipinagpatuloy ko ang paglalakad. Muling umuntug-untog sa likod ko ang laman ng backpack. Bumalik ang hapdi. Sana beer na lang ang ininom ko. Noong nakaraang buwan-unang tikim ko-kalahating bote lang ang naubos ko. Ilan kaya ngayon?

Magkano na kaya ang isang gramo? Limang daan, anim . . .isang libo? Dumukot ako sa aking bulsa sa likod pero wala akong masalat na bolpen. Walanghiya, dinukot na naman ni Pugay! Naisahan na naman ako ng walanghiyang magnanakaw. Bakit ba ako palaging paborito ng hayop na iyon? Mukhang kalabaw na magnanakaw-kanina, isa siya sa mga nakasabay ko sa paglabas ng gate, pangisi-ngisi pa, ngising aso.

Hindi ko tuloy makuwenta kung ilang milyon na ito . . .bukas kakasahan ko na siya.

Bumilis ang lakad ko, hindi na iniinda ang hapdi sa likod, hanggang sa makarating sa aming apartment. Pumasok ako sa pang-apat na pinto, ang tinitirhan namin ni Ate Mina, kasama ang dalawang umuupa ng isang kuwarto sa itaas.

"Bago yata ang bag mo?" bungad sa akin ni Ate Mina.

"Galing sa natipid kong allowance," sabi ko. Instant na sinungaling ako. Bad omen yata ang backpack na ito.

"Natapos mo ba ang laro?" Naghahanda siya ng mga gamit sa graduate school. Ilang minuto lang at papasok na siya.

"Hindi. Wala na akong ganang manood."

Pumasok ako sa aking kuwarto, malalalim ang aking paghinga sa tindi ng pagod-at pananabik. Magpapahinga muna ako. Mamaya pagpasok ni Ate, saka ko bubuksan ang backpack. Bago iyan, iinom muna ako ng beer, siyempre. Naiisip ko ang isang bagong buhay na ma-e-enjoy ko nang husto.

Hindi ba ako dating nag-e-enjoy? Hindi. Unang-una'y walang kuwenta ang pinapasukan kong high school ng NC College.. Pumaparte sa aking allowance ang mga titser sa madalas na kontribusyon na sapilitan. Pambili raw ng floor wax na kasing-liit ng lata ng gatas ebaporada, walis tambo na palaging nawawala, mga kurtina na hindi mo makita, kaya halos linggo-linggo ay nakakaltasan ako ng bente. Maliwanag na isanlibo sa isang linggo dahil limampu kami sa klase. Ang kakapal ng mga mukha, pero sila raw ang mga pangalawang magulang-ang gugulang.

Kahit kaeskuwela'y ganoon din, pumaparte si Pugay sa aking hindi mabilang na bolpeng kanyang ninakaw. Si Labino, Labi for short, ang kaeskuwelang kasing-kapal ng jumbo hotdog ang mga labi, ay sumisingit din sa pagnanakaw ng libro. Dalawang libro ang nadukot niya sa akin, akala mo mahilig siya sa libro pero ipinagbibili lang pala niya sa iba para magkapera. At ang dalawang pinakagagong bully, si Imoy na mukhang asong may rabies at si Gido na mukhang kabayo, laging nakalitaw ang mga maiitim na gilagid. Nabibilang na ang mga araw niyo, mga magnanakaw, mga gago, naisip ko. Marami pang ibang dahilan, hindi lang sa loob ng eskuwelahan kundi sa labas, pero ituloy natin ang istorya.

Kailangang makabawi sa lahat ng pagkukulang, ipapakita ko sa mundo ang ningning ng isang tunay na ginto! Ginto? Tinapunan ko ng seryosong tingin ang itim na backpack na nakalapag sa kama.

Hindi nakatiis, binuksan ko ang zipper nito at tumambad sa akin ang isang kanister na yari sa matigas na plastik. Kasinglaki ng lalagyan ng potato chips. Itinayo ko ito. Ah, maliit pero mabigat! Pahablot na tinanggal ko ang taklob nito. Isang makinang na bara ng ginto! Kinusut-kusot ko ang aking mata, hindi nagbabago ang aking paningin, kulay-ginto pa rin. Sa tantiya ko, lagpas sa anim na pulgada ang haba, may lapad na mga tatlong pulgada at may kapal na isa't kalahating pulgada.

Lumabas ako ng kuwarto . Naalala ko ang beer. Mabuti pa'y uminom muna ako. Naaalala ko pa iyong unang tikim ko ng beer, kahit kalahating bote lang. Para akong nasa langit noong una at impyerno sa bandang huli dahil pasuka-suka na ako. Pero parang abnormal ngayon ang isip ko, kaya kailangan ng pampakalma.

Hindi nakatiis, lumabas ako at bumili ng tatlong bote sa tindahan na katapat ng apartment.

"May problema ka ba?" tanong ni Cindy, anak ng may-ari ng sari-sari store. Tulad ko, fourth year din siya sa high school department ng NC College pero nasa ibang section.

"Wala. Malakas kasi ang pintig ng puso ko." Napapasulyap ako sa kanyang mga hita, na naka-shorts ng putol na pantalong khaki.

"Dati hindi naman gano'n ang puso mo, parang walang pintig."

"Oo nga. Ngayon lang.," sabi ko. "Nadagdagan pa ng fetish na makinis," dagdag ko, pabulong.

"Ano'ng sabi mo?"

"Wala iyon." Ang hita mo ang ibig kong sabihin at iyong isang makinang.

"Anong wala? Sabihin mo, baka makatulong ako. Ngayon ka lang maglalasing."

"Gusto mong malaman?"

"Sige." Ngumiti siya na medyo nakasahod ang labi.

"Sumama ka sa akin."

"Ano? Ba't sasama ako sa 'yo? Hindi mo pa ako girlfriend."

"E di, girlfriend na kita."

"Ha? Ang bilis naman. Totoo ba 'yan?"

"Totoo. Ikaw ang true love ko, matagal na kitang ini-imagine. Puwede ka nang sumama?"

"Hindi pa puwede. Ano'ng sasabihin ng ibang tao?"

"Ah, wala iyan. Ano ba'ng pakialam nila? Wala naman silang nalalaman."

"Sige na nga," sabi ni Cindy at tumalikod siya at pumasok sa isang silid at sinabihan ang nakakabatang kapatid na lalaki na magbantay sa tindahan at saka bumalik sa akin. "Tayo na. They know nothing," sabi niya na nakatawa.

Chapter 2

Pagbalik namin sa apartment, pumasok na si Ate Mina sa graduate school. Elementary school teacher siya na kumukuha ng M.A. Tinungo namin ang aking kuwarto. Kinuha ko ang swiss knife sa isang drawer na katabi ng aking kama at nagbukas ng dalawang bote ng beer. Lumapit ako at inalok ko si Cindy na uminom.

"Huwag ka ngang apurado."

"Habang malamig ang beer, samantalahin natin."

"Pampainit nga iyan, e. Saka hindi ako umiinom."

"Lalong mabuti," sabi ko. Tinapik ko nang bahagya ang kanyang buttocks. Parang walang anuman ang pagtapik ko sa kanya, samantalang iba na ang iniisip ko. Tumingin lang siya sa akin at ngumiti. Hinawakan ko siya sa kanang braso at kami'y napaupo sa kama.

"Ano ba'ng gagawin natin?"

Hindi ako sumagot. Kinabig ko siya at hinalikan nang buong sidhi ang kanyang mapupulang labi. Gumanti siya ng halik at nagpagkit ang aming mga labi nang matagal. Parang mapupugto ang aking hininga sa labis na ligaya.

Mayamaya bumitaw siya, humihingal. "Hanggang dito lang muna tayo," sabi niya.

"Tapusin na natin ito."

"Nag-aaral pa tayo. Isa pa, virgin pa ako."

Natawa ako. "Lalong mabuti." Ganoon ba kalakas ang self-control ng mga tinatawag na virgin? Makikipaglampungan nang todo, pagkatapos biglang aayaw, sesermonan ka, uuntagin ka tungkol sa mataas na moralidad para makonsiyensiya ka sa ginagawa mong kahalayan.

Hmm. Bitin. Kinuha ko ang bote ang bote ng beer sa ibabaw ng drawer, tumungga ako at hindi tumigil hanggang maubos ang laman. Bitin. Kinuha ko ang isa pang bote at inumpisahan kong inumin nang hawakan ito ni Cindy at inilapag sa drawer.

"Joshua, malalasing ka," banayad na sabi niya. Napaupo siya sa kama.

"Hindi na bale." Naupo ako sa tabi niya.

"Maging makatuwiran ka naman."

"Alam ko ang feeling ko."

"Hindi naman basta feeling lang."

"Alam ko."

"Then let's stop it."

"How can I stop if it feels so right?"

"Parang linya sa kanta 'yan, a."

"Dahil sa 'yo"

"Lasing ka na talaga."

"Hindi ako marunong malasing."

"Iinom nga rin ako."

"Bakit?"

"Para mawala ang aking inhibition."

"Mabuti't alam mo iyong term na iyon."

"Ano'ng akala mo sa akin, engot sa psychology?"

"Hindi naman. . . pero mahirap mawalan ng inhibition dahil lang sa alcohol. Nawawala ang kanyang taste, kaya lahat ay puwede na."

"So what kung mawala ang aking taste?"

"E di, guwapo na lahat ang tingin mo. Iyon ang ayokong mangyari."

"Seloso ka pala."

"Hindi naman. Sensitive lang siguro."

Tumayo siya. "Babalik na ako sa tindahan."

"Okey. Pero bitin."

"Wala ka talagang self-control. May ibang araw pa."

"Kailan iyon?"

"Basta, huwag muna ngayon. Huwag kang mag-alala. You're my only one."

I'm the only one. Hindi yata fair. Sinedyos mo ako nang todo at ngayo'y iiwanan mo na lang nang bitin. Parang walang nangyari, gano'n ba? Hindi ba sensitive ako? It's not fair.

Wala naman akong magawa, kaya sinamahan ko siya sa kanilang tindahan. Naroon pa rin si Kevin, ang kapatid niyang lalaki na mas bata sa kanya nang limang taon. Hindi ko makalimutan ang nangyari kanina at nagpahiwatig ako ng isang goodbye kiss. Hindi pumayag, may makakakita raw. Oo nga naman. Sige. No problem.

Bumalik ako sa apartment. Tuluy-tuloy na sana. Ngayon pa lang sana ako magkakaroon ng experience. Mainit pa rin ako kahit babad na sa yelo, pero kailangang maresolba ko rin ang tungkol sa bara ng ginto. Babae,

diyan ka muna. Tutal makapaghihintay ka naman. Makatulog muna. . .

Bandang alas-sais, binuksan ko ang kabinet. Nandoon pa rin ang backpack. Maski medyo madilim ay parang kumikinang ang tingin ko dito. Napabuntunghininga ako. Milyon ang halaga nito. Hindi lang isa o dalawang milyon kundi multi-million kung ito'y mahigit na sampung kilo. Mayaman na ako! Para akong tumama sa lotto.

Lumabas ako, tumungo sa kitchen, binuksan ang ref, at inilabas ang isang frozen na manok para lutuing adobo.

Nang maluto ang ulam, may kumatok sa pinto. Hindi si Ate Mina kundi ang dalawa naming boarders na dalaga, parehong nasa first year college. Hindi kasama ang board kundi lodging lang ang binabayaran nila, pero boarders pa rin ang tawag namin sa kanila, pati ibang nagpapaupa ng kuwarto sa ibang lugar ay gano'n din ang tawag. Kung tatawagin ko silang lodgers, walang gagamit n'on kundi ako. Nandiyan na 'yan, e.

Ngumiti ako sa kanila. Ngumiti rin sila na parang ang ekspresyon ng mga mukha ay ngayon ko lang sila napansin. Siguro naiisip nila na ako'y binata na. Sa edad kong 16 ay tinutubuan na ako ng balbas, balahibong pusa nga lang, at sa taas kong five-eight ay parang huminto na ako sa pagtaas. Noong nakaraang taon ay five-five lang ako.

Tumuloy sila sa itaas, sa kuwartong para sa mga boarders, na ang katapat ay ang kuwarto ni Ate Mina. Narinig ko ang pigil na hagikgikan nila, excited yata sa ginawa ko. Mayamaya lumabas sila at bumaba ng hagdan. Kasalukuyan na kong kumakain ng adobo.

Inaya ko silang kumain at tikman ang aking kinakain.

"Milagro yata," sabi ni Lily.

"Birthday mo ba?" tanong ni Joyce.

"Hindi. Gusto ko lang na may kasabay sa pagkain."

"May pagkain din kami. Tikman mo rin," sabi ni Lily.

"Baka hindi mo magustuhan," sabi ni Joyce.

"Gusto ko. Ano ba iyon?"

"Dinuguan," sabay nilang sabi.

"The best! Paborito ko 'yan."

Pagkaraan ng isang oras, dumating si Ate Mina. Sinabi ko na kumain na ako at ako'y matutulog na. Nainom ko na rin ang beer na hindi ko naubos kanina.

"Nasa ref ang ulam," 'kako.

"Ang mga boarders?"

"Nasa itaas."

"Rosy cheeks ka yata?"

"Pampagana lang."

"Ilang bote?"

"Tatlo."

"Naging instant alcoholic ka yata."

"Hindi naman, ngayon lang."

"Sige, matulog ka na."

Pero hindi ako makatulog. Naupo ako sa paanan ng kama-umiikot ang mundo. Pumikit ako. Umiikot pa rin. Pinilit kong tumayo at lumakad, kahit pa-ekis-ekis, patungo sa kitchen. Naglabas ako ng malamig na tubig mula sa ref at uminom ng marami. Ang natirang tubig ay pinanghugas ko ng mukha, na masyadong oily at nag-iinit. Bumalik ako sa kuwarto, medyo humupa ang ikot ng mundo. Nahiga uli ako at pagkaraan ng ilang segundo, nakatulog ako nang mahimbing.

Kinaumagahan, masakit ang ulo ko. "Hang-over," ika nga ng mga magbubulok na lasenggo. Nagtimpla ako ng kape, black coffee na walang asukal-rekomendasyon pa rin ng mga lasenggo. Medyo sampalataya ako rito, dahil stimulant ang kape.

Bahagya lang akong sumigla nang mainom ko ang kape. Nagtimpla uli ako at tinapangan ko-isang kutsarang kape at isang kutsarang powdered milk (ayoko ng coffee creamer dahil wala namang sustansya ito) at konting asukal. Sariling reseta ko na ito. Ininom ko ito at wala pang dalawang minuto, naramdaman ko uli ang pagpintig ng aking puso at utak. Sumigla ako, nagkaroon ng dugo-may halong caffeine nga lang-at naghanda ng makakain.

Simple lang ang alam kong luto. Nagpirito ako ng patatas, may halong sibuyas, bawang, at hinaluan ko ng dalawang itlog, pagkatapos ay nagsangag ng kaning lamig na natira kagabi. Ako ang natutulog sa ibabang kuwarto, katabi ng sala, at maagang nagigising, kaya ako ang nagluluto sa umaga.

Naghahanda ako ng mesa nang bumaba sa hagdan si Ate. Sumunod na bumaba sina Lily at Joyce, naka-shorts yata sila ngayon. Hmm, bago ito, pero ayoko munang mag-isip.

"Kumain tayo," bungad ko sa kanila.

"Maliligo pa ako," sabi ni Ate.

"Sige," sabi ng dalawa.

Tuwing umaga ay gano'n naman palagi ang bati ko sa kanila, lalo na sa dalawang boarders. Pero kumain sila ng pagkain ko at kumain din ako ng pagkain nila. Iyan ang pagkakaiba ng umaga ko ngayon sa mga nakaraang umaga, kahit na bumalik uli ako sa ritwal na paghahanda ng pagkain, pagbibihis, at pagpasok sa eskuwela.

Chapter 3

Nang nasa kuwarto na ako, nagda-dalawang isip ako kung papasok o hindi, habang inilalabas ko ang aking uniporme sa kabinet-isang puting polo, black shoes at black pants. Nasa sulok ang backpack. Papasok ba ako? Di ba't mayaman na ako? Sapat na ba iyon? Paano ang knowledge kung hindi ako papasok? Makukuha ko iyan kahit saan. . .

Noong nakaraang buwan, may isang pribadong ahensya ang nagbigay sa amin ng IQ test. Lumabas sa resulta ng test na may IQ akong 145. Hindi alam ito ng karamihan, lalo na ng mga titser at kaeskuwela, dahil indibidwal kaming pinadalhan ng sulat. Kahit malaman pa nila, mas naniniwala naman sila sa kanilang sariling intelligence. Kahit mga engot ay nag-a-ambisyon din na maging magaling, di ba? Di ba't sagana sila sa emotional o social intelligence? Ito ang sa palagay ko'y kulang sa akin. Wala akong pakisama, sa kaibigan man o sa kaaway, pero hindi ako nang-aaway, sila ang nang-aaway. Hindi ako marunong mag-sipsip. Kung ayaw ko, ayaw ko. Pero kung sa mga chicks na makalaglag-matsing kung magpatsarming sa akin, natutulala ako. Absinero pa ako. Ang tingin ng mga titser at kaklase sa akin ay iyong uma-absent dahil nai-impluwensya ng bulok na barkada. Hindi nila alam na sila ang may kagagawan, dahil mga bulok sila. Hindi nila alam na wala akong barkada kundi ang aking sarili.

Binuksan ko ang bintana para lumiwanag ang kuwarto at pumasok ang sariwang hangin, na nagsisimula na ring mahaluan ng usok ng mga traysikel sa daan, mga hari sa daan. "Tiraysikel" ang bigkas kung minsan dito, dahil siguro tira sila nang tira sa mga pasahero, palaging may reklamo sa bayad.

Lalong nag-apoy ang aking isip. . . ang bulastog o bulataw, sipsip, at kabisote kong kaklase ay siya pa yatang magiging valedictorian. Hindi ako naniniwalang mataas ang IQ niya, pero bumabawi naman siya sa pakikisama at dami ng barkada. Ah, sadyang ang maliliit na ibon ay sama-sama sa paglipad, tingnan mo ang mga paniki (at mukhang paniki). Pero mag-isang naglalayag sa himpapawid ang agila, mag-isang lumalangoy ang balyena. . . .

Magkakasunod na ang mga tumatakbong hari ng daan, parang mga kabuting nagsusulputan. Sayang daw ang mga boto nila, 'ika ng mga tao sa kanto, kahit pamatay ang ibinubugang usok at abala sa ibang sasakyan, basta boto ang mahalaga, ibang klase rin sila, pero mas marami sila.

Pero ang malinaw na manipestayon ng aking IQ ay ang madalas na pangunguna ko sa subject na English at Math tuwing periodical test na kung saan perfect ang aking attendance. Logic ang ginagamit ko dito, kung minsan common sense. Hindi memorya. Kung memorya din lang ang sukatan ng pagiging matalino, huwag na ninyo akong ibilang. Masyado nang maraming kabisote sa mundo na wala namang kontribusyon sa pag-unlad kundi sa serbisyo sibil.

Tumingin ako sa aking relos. Malapit nang mag-alas-siete. Male-late na naman ako sa flag ceremony. Tsine-tsek ang attendance dito at makakaltasan ka ng pocket money kung late dahil may fine. Papasok pa rin ako, okey lang.

Chapter 4

Ibalik mo 'yan!" sabi ko kay Pugay.

Nakangisi pa siya na parang nagitla. Unang pagkakataon na tuwirang umalma ako sa kanya. Hinigpitan niya ang hawak na bolpen at iniamba sa akin. Sariling bolpen ko pa ang ipangsasaksak sa akin.

"Tarantado, sa akin ito!" sabi niya. "Marami akong bolpen, tingnan mo!" Ipinakita niya ang mga ninakaw niyang bolpen na nakalitaw sa kaliwang bulsa ng kanyang pantalon. Para siyang isang magnanakaw sa eksenang napanood ko sa TV na huling-huli na nga sa akto ay nagpapalusot pa at sinasabi niyang hindi niya magagawang magnakaw dahil mayaman daw siya. Bugok na nga'y sinungaling pa. Nahuli ko na nga siya na dinudukot ang bolpen sa bulsa ko, mangangatwiran pa!

Akala yata niya'y hindi ko pa rin siya lalabanan. Mas malaki ang katawan niya, parang kalabaw na nalahian ng buffalo na galing sa CLSU. Pero mas matangkad ako ng dalawang pulgada at may natutuhan sa karate sa madalas kong panonood ng bulok na pelikulang Intsik. Dito ko unang susubukin kong epektibo ang natutuhan ko.

Umigkas ang kaliwang paa ko at tumama sa kanyang kanang tuhod. Nawalan siya ng balanse at medyo napaikot. Isang matinding straight ang ibinigay ko sa kanyang nakalantad na panga. May lumagutok, ewan ko kung panga niya o ang aking kamao. Pero napabagsak ko siya. Ang balak ko'y itatanim ko ang aking paa sa kanyang ipinagyayabang na malaking kaha. May umawat sa akin sa likod, yumakap sa akin. Si Labino pala, barkada ni Pugay sa pagnanakaw, bihira siyang magnakaw ng bolpen, libro ang gusto, hindi dahil ambisyoso rin na tumalino kahit walang utak kundi mas malaki ang kita pag ipinagbili niya. Ang nakakabuwisit ay araw-araw pa silang pumapasok, trying hard, pero hindi nila ako kailanman naungusan sa mga exams kahit ako'y absinero. Ambisyosong mga magnanakaw lang sila na mga walang utak.

Aawat-awat pa kunwari si Labino, payakap-yakap, para libreng makaganti ang kaibigan niyang si Pugay, alam ko na iyan. Ginamitan ko ng siko sa tagiliran at sinundan ng isang backhand sa kanyang nguso. Umayaw na siya agad, duwag naman pala.

Nilingon ko si Pugay, nakatayo na siya. Sumipa-sipa siya, pero nasalo ko ang isang paa niya. Hinaltak ko palapit sa akin bago ko tinamnan ng kanang straight ang kanyang ipinagmamalaking dibdib. Nabuwal uli siya.

Isang malakas na silbato ang narinig ko mula sa security guard ng haiskul. Natigilan ako at tumahimik ang paligid. Hawak ang balakang, napapangiwi sa sakit si Pugay. Si Labino naman, sisinga-singa, nagpapahid ng panyo sa kanyang nguso, alagang-alaga ang kanyang sumabog na mala-jumbo hotdog na labi. Dumating ang ibang mga kaklase. Nakita ko rin si Cindy, lumapit sa akin.

"Nasaktan ka ba?" tanong niya.

"Wala 'yan."

"Kanina pa ako nanonood, ang galing mo pala!" tawa niya. "Parang si Karate Kid na sumabak sa dalawang hayop."

"A, basta, sa prinsipal na kayo magpaliwanag!" sabad ng security guard.

Sa principal's office, napansin ng prinsipal na wala akong kabukol-bukol, at ang dalawa'y todo ang ngiwi at aringking.

"Battery and assault ang ginawa mo, ano?" sabi niya.

"Hindi po ako ang nag-umpisa ng gulo," nasabi ko.

"Talaga pong saksakan ng gago ang dalawang iyan," sabad ni Cindy. "Nakita ko pong ninanakawan niya ng bolpen si Joshua." Nakaturo ang daliri niya kay Pugay at si Labino'y pa-awat-awat pero kasama din niyang magnanakaw, dagdag niya.

"Pero hindi tama na bugbugin mo silang dalawa," baling ng prinsipal sa akin.

"Sasaksakin po niya ako ng bolpen na ninakaw niya sa akin."

"Aba'y gago talaga. Pero kung wala nang kakayahan na gumanti ang kalaban mo, tigilan mo na siya. To be fair, suspindido kayong tatlo ng limang araw. Sa susunod na Martes na kayo pumasok, pero may bad record na kayo."

Hindi ako kontento. Kung iyong dami ng araw ng pagliban ko sa klase ang idadagdag niya sa limang araw, matutuwa pa ako at makaka-absent ako nang matagal.

Okey na rin, at least, natikman ng dalawang tarantado ang galit ko. Nakaganti na rin ako sa maraming bolpeng ninakaw at dalawang librong ninakaw naman ni Labino, walanghiya, two birds in one shot. Magaling din pala ang aking kamay at paa. Mas malayong malaki ang katawan ni Pugay. Ang duwag naman palang si Labino'y agad tumiklop, walang sinabi, uhugin, isang kamay lang ang ginamit ko. Kung talagang iisipin, naipong galit lang ang nag-utos sa akin at sumunod lang ang aking katawan.

O may kinalaman ba ang pagkapulot ko ng bara? Aba, pang-back up din pala ng manipis na katawan ang ginto. Parang ibig ko nang maniwala.

Chapter 5

Lumabas kami ni Cindy sa tanggapan ng prinsipal. Lumakad kami patungo sa dulong kaliwa ng koridor. Napaupo ako sa gilid ng isang plant box.
"Napansin kong ngayon ka lang tumapang," sabi ni Cindy, nakatayo sa harap ko.
"Opinion mo lang 'yan. Matagal na akong matapang. Ngayon ko lang ipinapakita."
"Pati ba sa mga chicks?"
"Siyempre. Pero ikaw lang ang mahal ko."
"Bola." Naupo siya sa tabi ko. "I want my shy boy back."
"Shy boy pa rin ako."
"Parang hindi na." Tumingin siya sa kanyang relos. "Dalawang minuto na lang, magbe-bell na, may klase pa ako."
"Uuwi na ako."
"Hindi ka na papasok? Suspindido ka nga pala, bad boy," tawa niya.
"Isang kiss nga para kay bad boy."
"Ayan ka na naman, parang hindi aabutan. Saka na."
"Kailan 'yon?"
"One of these days, bye."

Chapter 6

Alas-nuwebe medya ng umaga at matindi ang sikat ng araw. Dumaan ako sa main gate ng haiskul sa halip na sa likod, na dati kong dinaraanan. Dalawangdaang metro rin ang madaragdag sa dalawang kilometrong lalakarin ko. Kahit na, wala akong hinahabol na oras. Ngayon lang nag-uumpisang makadama ako ng tension at gusto kong ibuhos ito sa paglalakad.
May mga traysikel na hinihintuan ako at gusto akong isakay, pero hindi ko pinapansin. Tuluy-tuloy lang ako sa paglalakad.
Kung kailan hindi mo kailangan, saka naman namimilit. Iyan ang isang kabalintunaan na kahit mangyari sa kalagayan ninuman ay nagdudulot ng walang lasang pagtanggap. Kung may lasa man, lasang apdo, mapait, kagaya ng pagkabitin ko na naman kanina kay Cindy, kahit sabihin nilang wala sa tiyempo.
Nakarating ako sa apartment, kumatok sa pinto, at pinagbuksan ni Lily. Ang bango ng simoy ng hangin, amoy shampoo, bagong paligo siya. Hinawi niya ang kanyang buhok na lagpas-balikat papunta sa kanyang likod, sabay ngiti sa akin. Parang ngiti ng isang perverted na virgin!
Nawala tuloy sa isip ko si Cindy. Kasing-puti rin pala siya ni Cindy, ngayon ko lang napansin. Mamula-mula rin ang kanyang pisngi, parang pinaghalong balat ng mansanas at manggang manilaw-nilaw.
Kaakit-akit siya sa kanyang shorts, putol na maong na medyo maluwang, bagay sa kanya, mas sumeksi pa ang tingin ko sa kanyang legs. Nakaramdam ako ng asim sa sikmura. "Lily, puwede bang . . ." Tarantadong dila ito! Hindi ko na alam ang susunod na sasabihin.
"Ano 'yon?" Naghihintay ng sagot ang kanyang maga matang malamig na parang bagong gising.
Talagang hindi ako makapagsalita, napasubo yata ako.
"Binibitin mo naman ako, may sinasabi ka ba?" ulit ni Lily.
"Saka na lang."
"Come on." Tinapik niya ako sa kaliwang balikat. Napakalambot ng kanyang dampi! Tapikin mo uli ako. Nakakahalina ang kanyang seductive na mga labi, mapupula, bahagyang nakabuka, at parang naghihintay ng halik.
Ganito ba ang nagbibinata? Kapag nasumpungan mo na ang langit, sadyang hindi mapigil ang buhos ng manna mula sa kaitaasan na may kasama pang perverted na bagong paligong anghel!
Wala sa sariling pumanhik ako sa itaas. Naramdaman kong sumusunod siya sa akin. Tuloy-tuloy ako sa unang kuwarto na nakita kong nakabukas. May mga naka-hanger na panloob na damit ng mga babae. May mga larawan pa ng mga artistang lalaki na nakapagkit sa dingding. Mali! Hindi ito ang kuwarto ni Ate. Napaikot ako pero nakaharang na sa pinto si Lily, nagtatanong ang mga matang nakangiti.
"Joshua, ano iyon?" Hindi na tapik kundi haplos ang naramdaman ko sa kanyang tinig. Hindi ko na maiwasan ang tumitig sa kanyang mga mata na ngayo'y seryosong nagtatanong at lumalaban.
Pinapawisan na ako, tinungo ko ang bintana, binuksan ito, at naghintay ng ihip ng hangin. Lumingon ako at naroon pa rin sa pinto si Lily. Mayamaya, lumapit ito sa kanyang kama, inayos ang dalawang bulaklaking unan, pinagtabi ang mga ito sa ulunan ng kama, at saka umupo siya nang pasalampak sa gitna ng kama. Naalinsanganan siguro, hinubad niya ang kanyang puting T-shirt, at lumitaw ang kanyang mayamang dibdib.
"Kung wala ka nang sasabihin, puwede na ba akong mapag-isa?"
Tinungo ko ang pinto. Walang lingon na isinara ko ito. Nakiramdam ako ng ilang sandali sa tapat ng saradong pinto. Nang wala akong narinig, nanaog ako sa hagdan. Tinungo ko ang lababo. Binuksan ko ang faucet, sumahod ang dalawang palad sa tumutulong tubig, binasa ng tubig ang nagbabagang mukha pero hindi matanggal ang init.
Nang nasa sala na ako, humiga ako sa mahabang upuan. Makaraan ang ilang sandali, talo pa rin ang isip, emosyon ang nagsusumiksik sa isip. O baka emosyon ang tama? Okay lang. Pumanhik uli ako sa itaas at kumatok nang marahan sa pinto.
"Lily?"

"Sandali lang." Naramdaman kong bumalikwas siya sa kama. Huminto ang kanyang yapak sa tapat ng pinto. Bahagyang bumukas ang pinto, umuwang ito ng mga dalawang pulgada at sumilip si Lily. Nang matiyak na ako nga, saka niya ito binuksan nang husto.
"Lily, sorry."
"Okay lang. Pumasok ka." Naupo siya sa gilid ng kama. "Maupo ka."
Naupo ako sa tabi niya. Namumula ang kanyang mga mata, umiyak yata siya.
"May nakalimutan kasi ako."
"Ano 'yon?" Pilit niyang pinasasaya ang ekspresyon ng kanyang mukha. Bahagya itong ngumiti at muling kumislap ang namumugtong mga mata.
""Iyong kayamanang bumulaga sa akin kanina," sabi ko.
Iyon lang at hindi na niya mapigilan ang tumawa. Napatingin siya sa kanyang dibdib na ngayo'y balot na uli ng T-shirt. Itinaas niya ang kanyang mga binti, yumakap ang dalawang kamay sa mga tuhod, isinubsob ang ulo sa pagitan nito. Mayamaya, muling umangat ang kanyang mukha at natabingan ng kanyang buhok ang kanang pisngi.
"Iyon lang ba ang hanap mo?"
"Hindi naman. Pero hindi ko makalimutan."
Napabungisngis siya. "Ngayon ka lang ba nakakita n'on?"
"Sa litrato lang. Pero iyong kanina, actual. Natorete tuloy ako. Masyadong mabigat sa pakiramdam."
"Oh, I see. Now you can talk, torpe ka kanina." Iniunat niya ang kanyang mga paa at tumingin sa kanyang relos. "May pasok pa pala ako sa Psychology. Mag-a-alas onse na."
"Sa ipinakita mong galing sa psychology, wala ka nang dapat matutuhan. Huwag ka munang pumasok."
Pumatong ang aking kamay sa kanyang balikat. Inalis niya ito at ibinalik sa dating posisyon. Naghanap uli ang aking palad ng mahahaplos. Pumatong ito sa kanyang hita. Sinampal niya ito, ibig sabihin, bastos ako. Pero nasaktan ako dahil ito ang ipinambuntal ko sa batok ni Pugay.
"Ayoko na." Titindig na sana ako nang bigla niyang kinuha ang aking kamay at ipinatong sa kanyang boobs. Milagro, nawala ang sakit ng kamay ko.
"Hindi ba ito ang nami-miss mo?"
"Ah, tapusin na natin ito. I'm about to shoot in my pants!" bulalas ko.
"Hinay-hinay lang. . ."

Chapter 7

"Nagi-guilty ako," nasabi ko pagkatapos ng encounter.
"Bakit naman?"
"Sex without the blessing of marriage is a sin."
"Guilty talaga?"
"Lily, conservative ako diyan."
"Ayaw mo na?"
"Gusto. We can do it again and again."
"I don't feel any guilt at all."
"I do."
"Then, marry me."
"It cannot be. There's another girl."
"You're stupid," sabi niya. "Sa palagay mo ba'y ganoon na lang?" Tumaas na ang kanyang boses. "Balewala ba ang nadarama ko sa iyo? Virgin pa ako at isinugal ko ito dahil sa tindi ng pag-ibig ko sa 'yo! Do you think I can do it without you? Talagang istupido ka!"
Iyon pa ang isang dahilan kung bakit nagi-guilty ako. Talagang virgin siya. Makabago sa panlabas na kasuutan at pag-iisip, pero naalagaan niya ang kanyang katawan hanggang sa dumating ang lalaking paglalaanan niya ng kanyang virginity. Ginising niya ito at siya rin ay ginising ng lalaking ito na kumplikado ang isip, hanggang sa mapunit ang hangganan ng masidhing pagnanasa at aktuwal na katuparan nito.
"O, bakit ayaw mong magsalita ngayon?" tanong niya, matigas pa rin ang boses pero hindi na malakas.
"Nabigla ako. First time na nangyari sa akin ito."
"Ako rin."
"Sorry, pareho tayong virgin. . . pero daig pa ang pro."
Napatingin si Lily sa kanyang relos. "Late na ako sa klase. Isa pa."
"Ano?" Nabigla na naman ako. Pero nag-init uli ang pakiramdam ko.
"Hindi mo narinig? Ikaw rin, baka magbago pa ang isip ko."
"Wala na bang problema?"
"Wala na."
"Talaga?"
"Ang kulit mo, ang dami mong tanong!"
"O di sige. Pero magpapahinga muna ako ng thirty minutes."
Bumango si Lily at naupo sa kama.
"Maligo muna kaya tayo?"
"Baka tayo mapasma."
"Hayaan mong mapasma."
Kumapit ang kanyang kamay sa aking leeg.
"Oh, boy, I love you," bulong niya.
May kumakatok sa pinto.
"Joshua?" sabi ng kumakatok, dinig ang boses mula sa ibaba.
"Si Joyce," bulong ni Lily. " Bumaba ka."
Dali-daling nagbihis ako at dahan-dahang bumaba ng hagdan. Tinungo ko ang pinto at binuksan.
"May ginagawa ka yata?" tanong ni Joyce.
"Tapos na."
"Pinagpapawisan ka pa," nakangiting sabi niya.
"Exercise lang."
"Ako rin, pinagpawisan. Naglakad ako." Naupo siya sa mahabang upuan sa sala. Itinabi ang kanyang shoulder bag at mga notebooks.
"Magandang exercise 'yan."

Ginawang pamaypay ang isang notebook. Paypay nang paypay. Kumuha siya uli ng isa pang notebook at binuklat-buklat ito. Mayamaya, tumingin siya sa akin at ngumiti.
"Nanood ka ba ng basketball kahapon?
"Oo, pero hindi ko tinapos." Naupo na rin ako.
"Bakit naman?"
"Walang kuwenta."
"Bakit? Mahuhusay naman sila, lalo na si Justo."
"Mahusay din naman ako."
"Aba! Player ka rin pala!" bulalas niya.
"Oo, a."
"Puwedeng magpaturo sa 'yo?"
Napa-ahem ako. Heto na naman tayo.
"Ako pa. Kailan mo gusto?"
"Sa Sabado. Mahusay ka talaga, ha? Baka mas magaling pa akong mag-shoot pag natuto."
Biglang may kumalabog sa itaas, sa kuwarto nina Joyce at Lily.
"Nandiyan ba si Lily?"
"Oo."
"Punta muna ako sa itaas."
"Sige."

Chapter 8

Nang nasa kuwarto na si Joyce, walang kilatis na pumanhik ako sa hagdan at narinig ko ang usapan nila. Kumakanta pa si Joyce ng kanta ng *The Corrs*. "I can't breathe, I can't sleep, when he's not around. . .yeah!"
"Masaya ka yata?" tanong ni Lily.
"I'm in love, you know!"
"Bitch!"
"Ulitin mo nga?"
"Sorry, hindi ka gano'n, in love ka lang. Pero, hindi mo alam na nauna pa akong na-in love."
"Ha?"
"Talaga!"
"Ano naman ang feeling!"
"Well, as if I were in heaven."
"Bitch!" sabi ni Joyce.
"A girl in love is not a bitch," sabi ni Lily.
"Pareho na lang tayo."
"Sino ba ang love mo?"
"Sikreto ko 'yon."
"Hindi ba magkaibigan tayo? Ba't ayaw mong aminin?"
"E, ano, kung magkaibigan tayo? Hindi ipinamimigay ang sikreto."
"Ako, hindi mo ba tatanungin?"
"Sino ba?"
"Sino sa akala mo?"
"Iyong nasa ibaba?" ang hula ni Joyce.
"Sino pa ba?"
Hindi agad nakapagsalita si Joyce. "Pambihira, naunahan mo talaga ako. Ikaw ba 'yong kumalabog kanina?"
"Oo, narinig ko 'yong usapan n'yo."
"Nagalit ka ba?"
"Hindi. Ang sarap nga ng usapan namin bago ka dumating."
"Mas masarap pa ba sa usapan namin kanina?"
"Higit pa sa usapan ang nangyari. Grabe."
"Nakakainggit."
"No problem. Magkaibigan tayo. Ang sa akin ay puwede rin sa iyo."
"Ganoon?"
"Yep."

Chapter 9

Dahan-dahan akong bumaba mula sa hagdan. Sapat na ang narinig ko. Kahit paano, nagkakaintindihan sila. Tuloy-tuloy ako sa kuwarto at isinara ang pinto. Ang suwerte nga naman . . . pero kung hindi pa ako nakapulot ng ginto, siguro, tameme pa rin ako hanggang ngayon. Para akong salaping papel na may back-up na gold bullion. Kung walang ginto, walang halaga.

Lumapit ako sa kabinet at binuksan ito. Nandoon pa rin ang backpack. Ano kaya't ibalik ko na lang ito sa pinanggalingan? Parang magnanakaw na ang tingin ko sa sarili ko. Ang dating kinaiinisan kong magnanakaw ay tila napunta sa akin. Hihintayin ko pa ba na lumitaw ang tunay na may-ari? At bakit siya tahimik, samantalang ang laki ng halagang nawala sa kanya? Siguro, iniisip din niya na imposible nang maibalik ito sa kanya, dahil pare-pareho ang mga tao. Mali siya. Kailangan lang na ipaalam niya na nawalan siya ng isang bara ng ginto at ibabalik ko ito.

Masyadong mapanganib naman kung ibabalita ko na nakapulot ako ng kayamanan. Malamang ay maraming mandurugas ang magsasabing sila ang may-ari, at magpapatayan, pati ako papatayin, maangkin lang ito. Ayoko munang mag-isip.

Mas madaling isipin 'yong tatlong tsikas na dumidikit sa akin ngayon. Wala pa silang alam sa aking napulot, pero panay ang dikit. Hindi ko na siguro kailangan iyon. Kung meron man akong pakinabang dito ay 'yong pagkakaroon ko ng instant self-confidence. Pero puwede ko namang i-develop ito maski walang ginto. Hindi ko alam. Sa theory ay ganoon nga kadali. Pero sa aktuwal, hindi ko alam. Kailangan ko pa ng back-up kung gan'on.

"Sa akin ka muna pansamantala," bulong ko sa backpack. "Kailangan pa kita."

Sinalat ko ang nasa loob nito bago ko isinara ang kabinet.

Chapter 10

Pumapanaog sina Lily at Joyce, naramdaman ko. Katabi ng aking kuwarto and at paglabas ko sa pinto, una kong nabungaran si Lily. Kumindat siya sa akin, may dalang tuwalya at damit pampaligo. Itinaas ko ang dalawang kilay bilang ganti. Tumungo ako sa sala at doon naupo.
Pumunta sa banyo si Lily at si Joyce ay sumunod sa sala, naupo sa tabi ko. Pabilog ang kanyang mukha, medyo singkit ang mata, parang Haponesa sa unang tingin.
"Ayoko na yata," sabi ni Joyce.
"Ano 'yon?" tanong ko.
"'Yong practice natin sa Sabado."
"Bakit naman?"
"Hindi talaga ako pang-sports."
"Saan ka puwede?" tanong ko.
"Dito."
"Dito?"
"Ano pa? Hindi mo na-pick up?"
Kinabig ko siya at hinalikan sa leeg. Napapitlag siya, pero sandali lang at pinabayaan na niya ako na manibasib gaya ni Drakula.
"Joyce! Joyce!" tawag ni Lily mula sa banyo.
Biglang tumayo si Joyce at tinungo ang pinto ng banyo.
"Nakalimutan ko ang shampoo. Pakikuha nga. Nasa ibabaw ng mesa."
Pumanhik siya sa itaas, pagbaba, hawak na niya ang shampoo.
"Gusto mo ring mag-shampoo?"
"Ano na naman 'yan?" tanong ko.
"Wala. Hindi ka na yata naliligo. May body odor ka na."
"Type mo pala ang may body odor," sabi ko lang.
"Type na type ko lang ang sa 'yo. Macho ang dating."
"Sa isang linggo pa siguro ako maliligo."
"Ano ba!" sigaw ni Lily. "Tama na 'yang usapan na 'yan!"
Nainip marahil, binuksan ni Lily ang pinto, walang pang-itaas at pang-ibaba.
"Samahan n'yo akong maligo!"
"Yehey!" Napalundag sa tuwa si Joyce.
Sin is a bitch. Nabasa ko ito sa *Insomnia* ni Stephen King. Bagamat ginamit ito sa context ng isang horror novel, angkop ito sa aking sitwasyon ngayon, na mistulang horror din ang epekto sa akin dahil sa sobrang sindak at pananabik.

Chapter 11

Pero kung tapos na ang pananabik, parang mas masarap pa'ng tumakbo ng marathon. Para lumakas uli ang tuhod, at buhay na naman ang pananabik.
Isang oras at kalahati na ang nakaraan, malakas na naman ang aking pakiramdam. Pumasok na sa NC College sina Lily at Joyce. Nasa haiskul na rin si Cindy. Si Ate nama'y nasa elementary school. Ano ang aking gagawin? Kung puro love-making na lang ang aatupagin ko, magiging ordinaryong bulok na bulugan lang ako. Mediocrity has never been my trade. Pero sa nangyayari, baka mahawa ako, duda na ako, hmm.
Tinungo ko ang kusina. Hawak ang thermos, nagbuhos ako ng mainit na tubig sa tasa, at nagtimpla ng kape, isang kutsara. Ang black coffee na maraming asukal o kapag may coffee creamer at marami ring asukal ay pangkaraniwan, kaya hinaluan ko lang ito ng konting asukal, mapait pa rin.
"Ano ang lasa niyan?" minsa'y nasabi ni Ate Mina.
"Hindi pangkaraniwan."
"Iba rin ang taste mo."
"Kanya-kanyang timpla 'yan."
"Pero huwag kang iinom ng alak."
"E, ano'ng iinumin ko?"
"Iyang kape mo. Pero bulok din 'yan dahil sa caffeine."
"May halo namang gatas, e."
"Kahit na. Tingnan mo ako, gatas lang."
"Iba ang lalaki sa babae."
"Hmm, iba na 'yan. Siguro, may chick ka na."
"Wala pa."
Hindi niya alam na tatlo pa ang chicks ko ngayon at hindi lang tikim ng alak ang ginawa ko kahapon, laklak pa. Kailan kaya uli? Matutulog muna ako. Mamaya pa ang dating ng mga chicks. Oh, Cindy, ikaw na lang ang misteryong hindi pa nabubunyag! Pero ito na lang ba ang magiging laman ng isip ko? Nasaan ang aking isip? Ang lakas ba ng isip ay nababawasan kung ito'y nakakaranas ng sobrang kaligayahan, tulad ng nangyari kanina? A, kahit paano, nag-iisip pa rin ako at iyon ang mahalaga.
Nakatulog ako ng dalawang oras. Alas-kuwatro na ng hapon. Makapagluto na nga at maagang makakain at makatulog uli.

Chapter 12

Miyerkules ng umaga, pagkatapos kumain, nagbihis ako ng damit panlakad, isang brown na denim at striped green na T-shirt. Isinuot ko ang aking Adidas, pero mahigpit na. Pinalitan ko ng Nike, medyo mahigpit din. Mag-sandals na lang, mabuti pa. Kailangang makabili ng bagong sapatos, mga size 42, fit na siguro 'yon. Kahit anong brand. Subukan ko kaya 'yong Puma? Pumapatay rin ba ang puma gaya ng tigre? Lumabas ako na tumatawa.

Nilakad ko ang daang Quimson at pagdating sa dulo nito, lumipat ako sa kabilang panig, kumanan at nagpatuloy sa paglalakad, pasalubong sa trapiko. Nadaanan ko ang provincial capitol at DBP. Huminto ako sa harap ng isang sidewalk vendor at bumili ng kendi.

"Sigarilyo?"

Umiling ako. "Kendi lang."

"Mabuti ka pa, walang bisyo."

"Meron."

"Anong bisyo?"

"Lumiban sa klase."

"Ganyan ako noon. Kaya ganito ako ngayon."

Nagdrama pa. "Mahirap bang pigilin ang bisyo?"

"Mahirap pero puwedeng tanggalin, kung hindi pa huli ang lahat."

"O, sige, salamat," sabi ko.

"Salamat din."

Nice fellow. Hindi kagaya ng mga walanghiya kong kaklase. Kung kahit isa man lang sa kanila ang magkaroon ng ugali kagaya ng vendor na iyon, isang kayamanan nang maituturing. Pero wala, kung hindi tanga na may ambisyon ding mambulataw ay gago't mandurugas. Pero ang gago'y tanga na rin dahil tatanga-tanga naman sa loob ng klase at sa labas lang nagmamagaling. Pwe! Maha-high blood na naman ako. Hindi dapat masira ang araw ko. . . .

Pumakanan ako hanggang sa matanaw ko ang Mighty Mall, isang bagong patayong mall. Doon na lang ako bibili ng rubber shoes. Bibili rin ako ng pocketbooks. Sino ba'ng magaling? Stephen King? John Fowles? Hemingway o si J.D. Salinger? Kahit sino, kahit classic man o bago, basta hindi ko pa nababasa.

Nang sapitin ko ang mall ay hindi pa bukas.

"Pare, anong oras ang bukas?" tanong ko sa guwardiya.

"Alas-diyes. Malapit na."

Maraming tao na ang naghihintay, karamihan ay mga kabataan na gustong magpalamig-lamig sa loob at tumingin-tingin sa mga naka-display na bilihin, halatang nagpapalipas lang ng oras, gumigimik.

Nang buksan ang main door, bumili agad ako ng rubber shoes sa unang stall na nakita ko at nagtuloy sa bookstore. Inilagak ko muna sa customers' service ang aking sapatos.

Bumili ako ng tig-isang libro ni Stephen King at John Fowles. Sa section ng classic, hindi ko mahanap si Hemingway at Salinger. Pero aksidenteng nasapol ng aking mata si James Joyce, ang nobelistang nag-uso ng "stream-of-consciousness" na teknik sa pagsusulat, at si Anton Chekhov, ang manunulat na hindi naniniwala sa plot. Tumatalon ang puso ko. Mabuti't nasuspindi ako. Kahit pansamantala ay nakalaya ako sa nakakabagot at bulok na atmospera sa haiskul, kung saan walang matino o intelihenteng kausap. Magbabasa na lang ako. Kahit second-rate pa na manunulat ay mas magaling pa ring kausap kaysa sa pangkaraniwang tao na walang imahinasyon-kung meron man ay mababaw, kaya pati kaligayahan, mababaw rin. Bakit ako magtitiyagang pakinggan ang mga ordinaryong kaisipan na ang tanging bokabularyo ay pakikisama, kaibigan (na para bang palaging tunay at hindi ahas), habang tumatagay ng bulok na alak at naninira't nanlalait ng mga taong walang pakisama?

Kinuha ko ang rubber shoes sa customers' service bago lumabas ng mall. Nag-init agad ang aking pakiramdam. Iba talaga sa loob, iba rin sa labas. Tumawag agad ako ng traysikel, na agad naman akong hinintuan.

Chapter 13

Parang mundo ng pantasya kung ikaw ay nasa magandang lugar gaya ng mall. Ngayong nakasakay na ako sa traysikel at nagkatawaran-palagi namang ganito-bumabalik ang boring na eksena. Ipinikit ko sumandali ang aking mga mata at pinilit kong huwag huminga nang malalim. Baka mapuno ng deadly na usok ang baga ko. Allergic ako sa usok, hindi ako makahinga kung sobra na ang nalalanghap ko. Mahirap ipagbawal ang mauusok na tryasikel, sayang din ang kanilang boto-dito umiinog ang lahat ng mga walang kuwentang katwiran na may kinalaman sa pulitika at ginagatungan ng mga sipsip na nakapalibot. Pero paano ang baga ko, sige, sagutin mo nga 'yan, pare?

Nandiyan na 'yan e. Paglipas ng isang daang taon, baka sakali. Buhay pa kaya ako no'n? Walang kuwentang mag-isip.

Mabuti pa sa baryo. Pero nandito ang four-door-apartment na naipundar ng aking mga magulang. Mas gusto nilang manirahan sa baryo at kaming dalawa ni Ate ang nagma-manage ng apartment. Malabong sumunod ako sa baryo at sabihin sa kanila na ayoko nang mag-aral dahil puro pasok lang na walang kapararakan ang ginagawa ko, wala naman akong pinag-aaralan dahil wala namang itinuturo na makabuluhan, na magsasaka na lang ako kung mapapalayas ang kapit-tukong magsasakang si Igmeng Taimondong, na ang palaging panakot ay ang mga best friends daw niya na taga-bundok. Dalawang ektarya ang nabili nila na iba naman ang nakikinabang, timawang buhay! Wala rin palang kuwenta kung wala akong bubungkalin doon. Hindi bale, sariwa naman ang hangin. Pero aanhin ko iyon kung wala namang kita? Mabubusog ka ba sa puro hangin?

Ah, dito pa rin ako. Sabagay, habang parumi nang parumi ang hangin, parami naman nang parami ang mga babaeng magaganda ang hita, oh, nahihilo na ako.

Kung tapos na ako sa haiskul, saka pa lang ako magpapasiya kung sa baryo ako o sa lunsod. Brainstorming lang ito. Wala pa akong pirming desisyon.

"Saan ba rito?" tanong ng traysikel drayber nang nasa kalagitnaan na kami ng Quimson.

"Diyan." Itinuro ko ang isang apartment na light green at may tegula tiles na maroon sa harap.

Huminto ang traysikel sa tapat nito. Ibinigay ko ang baryang bente pesos at saka bumaba. Iiling-iling, bubulung-bulong ang drayber at saka inilagay niyang pabalibag sa isang kahon ang barya bago niya pinaharurot ang kanyang traysikel. Napakabastos. Hindi siya kontento sa ibinayad ko kahit tapos na ang usapan. Ano ba ito? Exchanging horses in the middle of the stream-iyon ang ginawa niya. Hindi ko maintindihan.

Mas naiintindihan ko ang mga ito, ang mga librong bitbit ko. Kahit kathang-isip ay higit na makatuwiran at kapani-paniwala. Mas maaasahan ang mga nakaimprentang salita kaysa usapan ng isang ungas na drayber at pasaherong walang alam sa mundo.

Nakabukas ang pang-apat na pinto, nakita kong nakaupo sa mahabang upuan si Ate, may inaayos na mga papeles.

"May seminar kami sa Baguio. Ikaw muna ang bahala rito."

"Ilang araw?"

"Tatlo. Matatapos sa Sabado. Uuwi ako sa Linggo."

"Ngayon ka na ba pupunta?"

"Mamayang ala-una, ihatid mo ako sa terminal."

"Kakain muna tayo."

"Siyempre, magluto ka na. Marami akong aayusin."

Pumasok ako sa aking silid at itinabi sa isang sulok ang kahon ng Nike at mga librong nabili. Lumabas ako at tinguno ang ref. Binuksan ko ang freezer at naglabas ng isang bangus Bonuan na pipirituhin.

"Tungkol saan ba ang seminar mo?" tanong ko nang kumakain na kami.

"Sa special education."

"Magtuturo ka ba sa mga gifted?"

"Oo, pagkatapos ng seminar."

"Ang alam ko sa special education ay kasama ang mga autistic at retarded."

"Oo, pero mga gifted ang tuturuan ko."

"I see." Ginutom ako, hindi nakapagtatakang halos maubos ko ang piniritung bangus. Hindi nakakain nang marami si Ate dahil dumaan daw siya sa Jolibee at nagmeryenda.

"Saan kaya ako kung ako'y nasa klase ng special education?" pabirong tanong ko nang ako'y nagtu-toothbrush na.

"Ano ba'ng IQ mo?"

"145 lang."

Napamulagat siya. "Totoo ba 'yan?"

"Maniwala ka. Pero hindi ako naniniwala sa IQ."

"Palagay ko'y tama ka," sabi niya. "Si Thomas Edison ay pinagsabihang bobo ng kanyang mga bobong titser. Si Albert Einstein ay lumagpak sa math nang kumuha ng entrance test sa kolehiyo. Ayon naman sa titser ni Ludwig van Beethoven ay hindi ito magtatagumpay bilang kompositor. Kung mga ganitong klaseng gifted ang bibigyan ng standard na IQ test, maaaring bumagsak sila, dahil hindi lahat ng intelligence ay kayang sukatin nito. I'm talking about creativity."

"Hmm, creativity. Wala yata ako niyon. Dahil mataas ang IQ ko."

"Sa isang banda, ang pagiging creative o malikhain ay manipestasyon din ng isang napakataas na IQ."

"Kahit na pala hindi ka pumunta sa seminar na 'yan ay puwede ka nang magturo sa mga gifted," nasabi ko. "Genius ka rin, palagay ko."

"Tip of the iceberg lang 'yan. Magbihis ka na at ihatid mo ako sa terminal."

Chapter 14

Naghihintay pa ng mga pasahero ang bus na sinakyan ni Ate Mina. Umupo muna ako sa tabi niya. Mayamaya, tumapat sa amin ang isang nagtitinda ng kung anu-ano-sigarilyo, chewing gum, candy, atbp.

"Magkano ang suklay mo?" 'kako, hawak ang isang brown na suklay.

"Nine-fifty."

Dumukot ako ng sampung piso sa aking bulsa.

"Nineteen-fifty," sabi niya na medyo nilakasan pa ang boses. Ginawa pa akong bingi.

"Hindi na." Ibinalik ko ang suklay sa lalagyan niya.

"Sigarilyo, bosing?"

"Hindi na."

Bubulung-bulong na bumaba ng bus ang tindero. Hagalpakan ng tawa ang mga kasama niya. Nagha-high-five pa sila.

"Puwede rin sila sa special education, di ba?" nasabi ko kay Ate.

"Huwag mo nang patulan ang mga 'yan."

Dumarami na ang mga pasahero, malapit nang mapuno ang bus. Tumindig ako.

"Uuwi na ako."

"O sige, ikaw na muna ang bahala sa mga boarders."

"Ako na'ng bahala sa kanila, okey lang sila."

Chapter 15

Pawisan ako nang dumating sa apartment. Panay ang punas ko ng panyo sa mukha at leeg. Dinatnan kong nakaupo sa sala sina Lily at Joyce.

"Naglakad ka na naman," sabi ni Lily.

"Sinayang lang ang pawis," sabi naman ni Joyce.

"Exercise lang para lumakas," sabi ko.

Napangiti sila. Naka-T-shirt at naka-shorts sila. Naka-print sa T-shirt ni Lily ang ganito: HANDS ON. Sa suot naman ni Joyce ay: MARSHMALLOW.

Pumasok ako sa aking silid at nagpalit ng damit. Naupo ako sa gilid ng kama, napansin kong marami nang kalat, pati alikabok. Wala rin sa ayos ang aking higaan. Pinampag ko ang mga unan at kumot bago ko inayos. Kinuha ko ang walis sa tabi ng pinto at winalis ang mga nagkalat na papel at alikabok. May mga agiw o sapot din sa kisame at sa fluorescent lamp.

May kumatok sa pinto nang inuumpisahan ko nang linisin ang kisame.

Binuksan ko ang pinto at si Lily ang aking nabungaran.

"Ang ate mo?"

"Bakit?"

"Magbabayad sana kami ng rent." Banayad na bumangga sa aking tuhod ang kanyang tuhod nang mapalapit siya sa akin. Suwabe.

"Pumunta siya sa Baguio, inihatid ko kanina."

"Sa 'yo ko na lang ibibigay."

"Sa inyo na lang 'yan."

"Ha? Libre ba kami dito? Hindi okey 'yan."

"Hindi sa gano'n . . . may ibang nangyari, di ba?"

"Aba! Bayaran ba kami? Pokpok ba kami?"

Hindi nga pero nag-enjoy naman ako, pero hindi ko ito sinabi.

"Kunin mo ito," sabi niya at iniabot sa akin ang pera. Hindi ko ito inabot. Hinawakan niya ang aking kamay at isinuksok sa aking palad ang pera. Kinuha ko ang kanyang kamay, ibinukas ang kanyang palad, at saka ipinatong ang pera.

"Ano ba, Joshua? You need not worry about it. It's all right."

"Dehado kayo, mga babae kayo."

"Wala iyon. Huwag mo kaming iparis sa mga babaeng makikitid na palaging may strings attached kung makipagrelasyon. Ginusto namin iyon, huwag kang mag-alala."

"Paano kung may mabuntis sa inyo?"

"Malayong mangyari 'yon."

"Paano nga kung manyari 'yon?"

"Ihanda mo ang sarili mo. Hindi ko kayang magpa-abort. It's a sin, you know."

Papalapit si Joyce, nilagpasan niya kami at tuluy-tuloy na pumanhik sa itaas.

"Paano kung dalawa kayo?"

"Pakasalan mo kaming dalawa," sabi niya a ngayo'y nakangiti na parang nakakaloko.

"Harem na lang ang itatayo ko, mabuti pa." Napatawa ako. Ano pa ba ang magagawa ko kundi tumawa.

"Saan ka naman magtatayo ng harem?"

Hindi ako sumagot agad. Kinuha ko ang kanang kamay niya at pumunta sa sala at naupo. "Pa-hands on muna," sabi ko, habang nakatingin sa mga letra sa T-shirt niya.

"Ayoko." Isinukso niya sa bulsa ng aking pantalon ang pera. Napakislot ako, hands-on iyon, a.

"Alam mo, nag-isip ako-"

"Hindi hands-on 'yon. Isinuksok ko lang 'yong pera sa bulsa mo."

Dinukot ko ang pera at ibinalik s kamay niya.

"Kahit ano'ng gawin mo, ibibigay ko na lang sa ate mo pagdating niya." Isinuksok niya ang pambayad sa bulsa ng shorts niya. Napahawak ako sa kanyang tuhod. Napapitlag siya, kumislut-kislot ang makinis na hita.

"Hayan ka na naman, hindi ka na nagsawa."

"Matagal bago ako magsawa."

Tumayo siya at tumalikod. Pati pagtalikod niya'y napakaelegante at kaakit-akit. Ang imbay ng kanyang kamay at indayog ng kanyang maliit na baywang ay napakagandang tingnan. Hinatak ko siya at siya'y napaupo sa aking kandungan. Para siyang artista na nakatitig sa akin. Napahawak siya sa aking balikat at sumubsob ang kanyang mukha sa aking dibdib. Hinaplos ko ang kanyang maitim na buhok, umangat ang kanyang mukha. Hinalikan ko siya, damang-dama ko ang init ng kanyang labi at katawan.

"Oh, Lily," ang tanging nausal ko.

"Hindi ko masyadong madama," sabi niya at hinubad niya ang kanyang T-shirt. Kinuha niya ang kamay ko at inilagay sa dapat kalagyan. "Ngayon feel na feel ko na. Oh, darling, halikan mo ako uli."

"Doon tayo sa kuwarto mo," bulong ni Lily matapos ang halik.

Chapter 16

Ilang minuto na ang nakaraan mula nang pumanhik sa itaas si Lily. Ngayo'y mag-isa akong nakahiga sa kama. Inaantok na ako at ipinasiya kong matulog. Hindi ko mapigilan ang antok dahil sa pagod o pagkawala na ng gana, kahit ano pa ang dahilan-basta namumungay na ang aking mga mata. Gusto ko pang mag-isip pero tinatalo ng antok ang nakagawian ko nang pag-iisip kung nakahiga. Naalala ko si Joyce at ang kanyang pulang T-shirt na may tatak na MARSMALLOW-puti ang mga letra, pero muling bumigat ang talukap ng aking mata.

Ang sumunod na kumislap sa aking isip ay isang kakaibang pangitain: si Archimedes, ang siyentipikong Griyego noong 287-212 B.C., naliligo. Pagkuwa'y umahon siya sa paliguan, nagsisigaw ng "Eureka!" Ibinabando niya sa mga tao sa daan, habang tumatakbo nang hubo't hubad, na may nadiskubre siya. Nakaramdam uli ako ng hila ng antok, bagama't gusto ko pang mamalas ang susunod na eksena. Para akong nanonood ng sine, kusang lumalabas ang mga imahe pero wala akong magawa kung kusa rin silang nawawala. Pagdaka'y nakita ko uli si Archimedes, hindi na siya naliligo, hindi na hubo't hubad, ang korona ng hari ng Syracus ang kanyang inilulubog sa isang sisidlan. Tinitipon niya ang lumiligwak na tubig sa isang lalagyan at sinusukat niya ang volume ng natipong tubig.

Wala nang sumunod na imahe, ilang minuto nang blangko ang telon. Sana'y ako na si Archimedes, ayon sa inaantok na isip. Malalaman ko ang susunod kong gagawin kung ako siya. Paano niyang nadiskubre iyon?

Napabalikwas ako sa higaan. Ano ba 'iyon" na nadiskubre niya? Hindi ito makatkat sa isip ko. Iginala ko ang aking paningin at nasulyapan ko ang libro ng physics sa headboard ng kama. Nandoon si Archimedes! Salamat sa iyo, Archie, isa kang tunay na kaibigan. Binigyan mo ako ng ideya.

Pero hindi ko na kinakailangang ilubog sa tubig ang bara ng ginto dahil regular naman ang hubog nito, di tulad ng korona. Susukatin ko na lang ito ng ruler. Kukunin ko lang ang haba, lapad at taas nito at makukuha ko na ang volume na siyang ipanghahati ko sa timbang nito at makukuha ko na rin ang kanyang density, na ikukumpara ko sa standard na density ng ginto-kung pareho ang kanilang density, tunay ngang ginto ang nasa akin. Eureka! Kaya lang, nauna si Archimedes na nagsabi nito.

Nawala ang aking antok bagama't medyo nanlalata pa rin. Tumayo ako at kinuha ang susi ng kabinet sa drawer ng lamesita na malapit sa kama. Binuksan ko ang kabinet at naghanap ng ruler. Nahanap ko ito sa isang enbelop na plastik, na siyang pinaglalagyan ko ng mga laboratory exercises sa physics. Binuksan ko ang zipper ng backpack at inilabas ang kanister na lalagyan ng ginto-kung tunay ngang ginto ito. Ang bigat talaga, mga sampung kilo o mahigit pa siguro! Pero mas mabigat ang sipa nito sa utak kung iisipin ang halaga nito. Darating din tayo diyan.

Chapter 17

Inilapag ko ang kanister sa ibabaw ng lamesita at tinanggal ang takip nito. Itinaob ko ito sa ibabaw ng lamesita, inihiga. Hawak ang ruler, inumpisahan kong sukatin ito para ma-compute ko ang volume. Ito ang lumabas sa aking pagsusukat: length-7 inches; width-3 Â½ inches; height-1 Â¾ inches. Pero naisip kong mas eksakto ang computation kung magsusukat ako sa metric system. Muli kong sinukat ang bara at ito ang lumabas sa millimeter: length-178 mm; width-92mm; height-44mm.

May problema pa. Paano kong titimbangin ito? May pan balance sa high school pero wala naman akong pasok ngayon dahil suspendido ako. Ah, mainit, makalabas muna, at makabili ng softdrink sa tapat.

Ini-lock ko ang pinto ng kuwarto at saka ako lumabas ng apartment. Nagtitinda ng bigas si Kevin, kapatid ni Cindy. Lumapit ako at bumili ng softdrink.

"May bigas din pala kayo," sabi ko, habang umiinom.

"Baka gusto mong bumili," sabi ni Kevin.

"May bigas pa kami. Nandiyan na ba ang ate mo?"

"Wala pa siya. Sexy ang ate ko, ano? Nahuli kitang minsan, panay ang titig mo. Aminin mo na. Tatahi-tahimik ka pa. Alam kong iniisip mo."

"Oo, sige na. Puwede bang mahiram sandali ang timbangan n'yo?"

"Ano ba'ng titimbangin mo?"

"Iyong tungkol sa experiment na ginagawa ko, mga sampung kilo lang."

"Sandali lang ha? Baka may bumili uli."

"Sandali lang. Wala pang limang minuto." Kinuha ko ang timbangan ng bigas. Tumawid ako ng daan, hawak ang timbangan at ilang hakbang lang at nasa loob uli ako ng apartment. Tinungo ko ang kuwarto at binuksan. Nandoon pa rin ang bara sa ibabaw ng lamesita. Inilapag ko ang timbangan sa tabi ng bara. Ipinatong ko ang bara sa ibabaw ng timbangan at mula sa zero ay huminto ang kamay ng timbangan sa 11.6 kilograms. Kumabog ang dibdib ko, sumiksik ang maraming pantasya sa isip ko, nagpapaligsahan kung ano ang una kong papansinin. Dumumi na naman yata ang isip ko.

Sa aking computation, nakuha ko ang volume at ito'y 720,544 cubic millimeters. Pero kailangan ko pang i-convert sa cubic centimeter ang volume at ang kilogram sa gramo para makuha ko ang density ng bara. Mechanical na lang iyan, pero wala akong mahanap na calculator, kaya long-hand na lang.

Pagkaraan ng matagal kong pag-divide ng bigat sa volume nito, nakuha ko ang density: 16.098 g/cc. Mas mababa kaysa sa standard na density ng purong ginto na 19.32g/cc. Ibig sabihin, ang bara ay hindi purong ginto-may halo itong ibang metal. Ano kaya ang karat nito? Napahawak ako sa bara-na maaaring 20K, 18K, 14K, pero hindi puro na 24K. Kahit anong karat niya, bara ng ginto pa rin ito. Hindi puwedeng maging silver ito dahil ang density lang nito ay 10.5 g/cc.

Nag-unat ako ng dalawang kamay paitaas at napahikab. Ang 18K na bara ay 75% na ginto . . . kaya 75% ng density ng pure gold ay ano? Muli akong nag-compute at ang lumabas ay 14.49 g/cc. Aba, mas mataas pa sa

18K itong hawak ko!

Narinig kong may kumakatok sa pinto ng apartment.

"Joshua, tapos ka na ba?" Tinig ito ni Kevin.

"Oo, sandali lang," sabi ko at lumabas ako, dala ang timbangan. Tinungo ko ang pinto at binuksan.

"Ano ba 'yong tinimbang mo?"

"Mahalagang bato lang-experiment sa physics," sagot ko. "Salamat." Iniabot ko sa kanya ang timbangan.

"Scientist ka na pala ngayon. Sige, punta na ako."

Chapter 18

Agad akong bumalik sa kuwarto. Ibinalik ko sa kanister ang bara ng ginto-talagang tunay na ito. Inilagay ko uli sa loob ng backpack at isinuksok sa sulok ng nakabukas na kabinet. Tinabunan ko ito ng ilang damit pambahay at iniharang ang mga notebook at libro at iba pang gamit sa pag-aaral.

Naupo ako sa gilid ng kama, napabuntunghininga. Puro buntunghininga. Pero nasaan na ang dalawang babae? Baka tulog. Nasa itaas. Napagod din sila. Napagod din ako.

Lumabas ako at nagtimpla ng kape sa kusina. Lumipat ako sa sala at doon uminom ng mainit na kape. Ah, sarap. Nagpapasigla. Instant na enerhiya. Kahit panandalian lang, iyon ang kailangan ko ngayon at hindi sermÃ³n tungkol sa kasamaan ng caffeine na malimit kong mabasa sa mga health magazines.

Magkano kaya iyong natisod kong hiyas? Saka na iyan. Napatingin ako sa hagdan at halos magkapanabay pa ang hakbang pababa ng mga paa, binti, at hita ng dalawang boarders. Ano'ng masasabi mo diyan? Nag-isip na naman itong tarantadong isip ko. Hindi mo alam kung kailan magiging maginoo. Maginoo naman talaga, kaya lang nagiging tarantado kung ito'y sinusubukan, o inaakit-kahit ano.

Pagkapanaog ng dalawang babae, lumapit ako.

"May ideya ba kayo kung magkano na ngayon ang isang gramo ng ginto?" tanong ko.

"Bakit mo tinatanong?" sagot ni Lily. Napapangiti nang mahiwaga si Joyce.

"Curious lang ako."

"Ang dali mo palang magsawa sa amin. Ginto na ang pinapantasya mo ngayon," sabi ni Joyce.

"Hindi. Napagod lang ako. Habang nagpapahinga ako sa kuwarto kanina, nakita kong kulay-ginto ang sikat ng araw sa bintana," sabi ko. Salamangkero. Kahit ano, basta may paliwanag. Ano na naman kaya ang nangyari sa utak ko? Bakit ba nagtanong pa ako? Buwisit na kape. Pampataranta. Walang kuwenta.

"Hindi convincing," sabi ni Lily. Nakikita ko sa mata niya na para niyang sinasabi, "Come on, you've got nothing to hide."

"May itinatago ka ano?" sabi ni Joyce. Obvious naman si Joyce kahit patay malisya kung titingnan mo ng maamo at maaliwalas niyang mukha.

"Nagtatanong lang ako. Ang dami nang interpretasyon at haka-haka. Kung wala kayong alam, sa iba na lang ako magtatanong."

"Oh, Darling, ang dali mo namang magtampo, laro na lang tayo," sabi ni Lily, sabay patong ng kamay niya sa aking balikat.

Humawak naman sa aking braso si Joyce, pakaladkad.

"Pinagpapawisan na naman ako," sabi ko.

"May sakit ang hindi pinagpapawisan," sabi nila.

Ang iinit! Sabagay nag-iinit na rin ako. Nakakakoryente ang dantay ng mga kamay nila.

"Ahh!!" sigaw ko.

Created from Booksie.com

Generated: 2014-09-01 22:03:20